# Ang mga Katibayan sa Pag-iral ng Allah


10



Tagalog

Upang makayanan nating matukoy ang tiyak na Diyos na karapat-dapat na sambahin, nararapat muna sa atin na matukoy kung sino ang lumikha sa malawak na sansinukob at ang lumikha sa napakalikhaing pamamaraan, at ang kahusayan na ito ay walang hanggan sa pagiging pulido?

Sapagkat kung alam natin kung sino ang lumalang ng sansinukob na ito sa Lahat ng bahagi nito, lohikal na katiyakang tayo ay magkakasundo na siya ang karapat-dapat na sambahin nang nag-iisa at walang katambal. Kahit yaong mga kumikilala na mayroong tagapaglikha ngunit sumasamba naman sila ng iba pa liban sa Kanya, katotohanan na sila ay nakagawa ng pangunahing pagkakamali sa kalagayang ito. Sapagkat ang Tagapaglikha na lumikha sa lahat ng bagay nang mag-isa ay ang obligado na Siya lamang ang sasambahin nang Nag-iisa! Gayundin, ang Tagapaglikha na Makapangyarihan sa paglalang ng lahat ng mga nilalang na ito, ay nararapat na maging matalino, may kaalaman, at walang sinumang makakapantay sa Kanya sa karunungan at kaalamang ito. Samakatuwid, kabilang sa lohiko, hindi maiisip na mayroon pang ibang kapantay na karapat-dapat na sambahin kasama Niya.




Gayundin, ang Perpektong Makapangyarihang Tagapaglikha na gumawa ng tulad ng napakamalikhaing disenyong ito, Siya ay walang pag-aalinlangan na hindi kabilang sa walang kakayanan na gawin ang anumang bagay na Kanyang naisin, kung kailan Niya ito naisin at sa paraan na Kanyang naisin. Tulad ng pagpapatawad sa lahat ng mga tao, kaya Siya ay walang pangangailangan na gawaan pa ng katambal na sasambahin kasama Niya. Gayundin ang paglikha Niya sa tao na walang ama o ina, tulad ng paglikha Niya kay Adam

-sumakanya nawa ang kapayapaan- na walang ama at ina.

Gayundin, ang napakamalikhaing Tagapaglikha na ito ay nararapat na maging mayaman sa lahat ng kanyang nilikha na Siya ay walang pangangailangan sa kanila. Hindi nakakadagdag ng Kanyang paghahari ang kanilang mga pagsamba at hindi nakakabawas ng Kanyang paghahari ang kanilang mga kasalanan. Siya ang Ganap na Napakayaman at sila ay mga mahihirap na nangangailangan sa Kanyang awa at tuluy-tuloy na pangangalaga.

At sinumang magsasabing mayroong mga diyos na dapat sambahin maliban sa kahanga-hangang Lumikha na ito o kasama Niya, katotohanan na siya ay nailagay sa napakalaking pagkakamali, kung kanya itong pag-iisipan ng bahagya ay matutuklasan niya ang malinaw na pagkakamali na kung saan ginawa niya ang isa sa mga nilikha ng Diyos sa katayuan ng Diyos na Nag-iisa na lumikha ng lahat!

Ang mga bituin sa kalangitan at mga planeta, at mga tao na may magkakaibang antas maging sila man ay mga propeta, mga mabubuting tao at iba pa, o kaya ay ibang mga nilalang mula sa mga nilalang ng Allah tulad ng mga anghel, Jinn (engkanto), mga bato, mga puno, at lahat ng mga nilalang na may buhay, silang lahat ay napapabilang sa mga uri ng nilikha.



At ang kaisipan ay nagsasabing ang lahat ng ito ay mula sa wala at nangangailangan ng Tagapaglikha na magpapairal sa kanila. Kaya paano natin maihahalintulad ang Dakilang Tagapaglikha na Napakalakas at Makapangyarihan sa isang nilikha na mahina na nangangailangan ng magpapairal sa kanya sa sansinukob na ito? Nangangailangan pa ba ang Tagapaglikha na gumawa pa ng ibang Diyos na sasambahin

ng mga tao kasama Niya? Walang pag-aalinlangan na ang pananaw na ito ay napakalayong tanggapin ng may matinong pag-iisip.

Ang mga katibayan sa pag-iral ng Napakatalinong Tagapaglikha ay marami, kabilang dito:

1

### *Ang Fitrah (likas na pagkakalikha) na nakatanim na pagkaalipin sa puso ng mga tao*

na pinatunayan ng mga pag-aaral ng sikolohiya at sosyolohiya ngayon na mayroong isang sikolohikal na katangian na nagdadala sa tao patungo sa kanyang Tagapaglikha na kanyang sasambahin. At kung sakaling mayroong mga taong ipinanganak sa isang malayong isla na hindi pinasok ng anumang nakakaapekto na nagmumula mula sa labas na sisira sa kanilang Fitrah (likas na pagkakalikha sa kanila); Tutungo ang kanilang kalikasan sa pagsamba sa Tagapaglikha na hindi sila mahihirapan o hindi maapektuhan ang ibang tao. "At napapaloob sa kalikasan ng tao ay ang pangangailangan ng kanilang mga sarili sa makapangyarihang metapisika na kompleto na napakayaman na silang mga tao ay naghahangad mula rito ng kapakinabangan, maglalayo sa kanila sa mga kasamaan, na kanilang yuyukuan lalo na sa panahon ng kagipitan; Kaya makikita mo ang mga nasyon mula sa mga naunang panahon at sa iba't ibang mga bansa ay may mga lugar na pinagsasambahan, hanggang sa sambahin nila ang araw, planeta, apoy at mga bato na kung saan hinahangad nila mula rito ang pagkakaroon ng benipisyo at pagtaboy ng pinsala. Ito ay walang dahilan kundi dahil nangangailangan ang tao sa pamamagitan ng likas na pagkakalikha sa kanya ng Diyos na pupuno sa mga hangarin at pangangailangan ng kanyang kaluluwa. Gayunpaman, ang kapaligiran kung saan lumaki ang isang tao ay maaaring mag-ambag sa pagkalito mula sa tamang layunin. Sa halip na siya ay lumingon sa tunay na Diyos, siya ay babaling sa huwad na mga diyos na nalalaman na kaagad ng kaisipan bago pa ang batas ng Allah na ito ay mali.



2

## *Ang Paglikha*

Ang Paglikha, lahat ng kaganapan ay may gumawa nito. Kung ito ay napagkasunduan ng mga may-kaisipan, kaya paano maiaalis mula sa panuntunang ito ang kahanga-hangang sansinukob na nagtataglay ng lahat ng mga maliliit na detalyeng ito na kung saan ay hindi maaaring mangyari sa anupamang kalagayan na ito ay nabuo nang di-sinasadya, o dahil sa malawakang pagsabog, o pagpili nang likas, o ebolusyon. At kung tatanungin natin ang tumatanggi rito: Maaari ba na ang aklat na kanyang binabasa ngayon ay lumilitaw ito ng kusang paglitaw sa kanyang harapan? O may posibilidad ba na ang lahat ng mga salitang ito ay naayos sa ganitong paraan nang di sinasadya at nagkataon lamang? O ang lahat ba ng mga titik ng aklat na ito ay nabuo bilang isang resulta ng natural na pagpili o isang tiyak na

pag-unlad hanggang sa ito ay lumabas sa paraang ito na may isang maliwanag na kahulugan? Katiyakan na ang isasagot ng taong may-kaisipan ay: Hindi, hindi iyon maaaring mangyari, sapagkat nararapat na mayroong gumawa sa aklat na ito at nagsulat nito! Kung ang kasagutan na ito ay sa antas ng isang napakaliit na bagay lamang sa sansinukob na ito, paano nalang kaya ang pagkakalikha sa mga kalangitan, kalupaan, mga bundok, mga ilog, mga puno, mga dagat, at lahat ng nabubuhay magkakaiba man ang kanilang sukat, hitsura, pati na rin ang Fungi, Virus, mikrobyo, ang mais at mga bahagi nito, cell at mga bahagi nito, genitikong bakas ng mga daliri, DNA, pagpapalitan ng araw at gabi, pagsikat at paglubog ng araw at buwan, ang mga katawang-langit na ito na pumupuno sa ating mga mata tuwing gabi, at iba pang mga nilalang sa sansinukob. Maaari bang mangyari na ito ay nagkataong lumitaw lamang nang di-sinasadya na walang nagpalitaw dito? Walang pag-aalinlangan na ang kaisipan ng matinong tao ay itatanggi ito nang lubusan.



## 3

## *Kabilang sa mga katibayan ng pag-iral ng Dakilang Tagapaglikha ay ang ganap na kahusayan sa paglikha at ganap na katalinuhan*

Lahat ng bagay na nakaayos ay mayroong tagapag-ayos nito. At hindi maaaring mangyari na ang nagkataon at di-sinasadya ay magbunga ng walang hanggan at napakahusay na pagkakalikha sa isang bagay tulad ng tao, paano na lamang ang milyon-milyong mga bagay na nakikita natin sa sansinukob na ito na nilikha nang may pag-iingat at kahusayan, at kahit na magtipun-tipon pa ang lahat ng tao sa pamamagitan ng lahat ng kanilang kakayanan upang lumikha ng isang langaw ay hindi nila makayanan, kaya paano ito malilikha ng di-sinasadya? Basahin ninyo ang hamon na ito mula sa Dakilang Tagapaglikha: (O sangkatauhan! Ang parabola ay ibinigay, na kung kaya, makinig kayo at intindihin ninyong maigi: Ang mga diyus-diyosan at ang mga sinasamba ninyo na iba bukod sa Allah ay hindi man lamang makalilikha ng kahit na isang langaw kahit na sila pa ay magsama-samang lahat para sa ganitong layunin, samakatuwid, paano pa kaya sila makalilikha ng mas malaki pa kaysa rito? At kapag inagaw ng langaw ang anumang bagay sa kanila ay hindi sila magkakaroon ng anumang kakayahan na kuning muli ang anumang inagaw ng langaw sa kanila, kung gayon, mayroon pa bang hihigit dito na kahinaan at kawalan ng kakayahan. Samakatuwid, napakahina nilang pareho: ang humihingi at ang hinihingian, na ang tinutukoy na humihingi rito ay ang kanilang sinasamba bukod sa Allah na sinisikap na mailigtas nito ang anumang inagaw ng langaw, at ang hinihingian na tinutukoy dito ay ang yaong langaw na nang-agaw, na kung kaya, paano mo ituturing ang mga diyus-diyosan na mga sinasamba kung ganito ito kawalan ng halaga at kahina.) *Al-Qur'an 22: 73*

Ano kaya kung mayroong bahay na gawa mula sa kahoy sa pamamagitan ng masining na paraan. Papasok ba sa isipan ng isa sa mga tao na ang nakaayos na kahoy ay pinili ng kalikasan at pinagbuti ito hanggang sa magmukhang ganito? Hindi ko aakalain na ang matalinong tao ay magsasabi ng "oo". Kaya paano natin sasabihin ito sa pagkakalikha sa tao na nilikha siya ng Allah na may puso, baga, mga ugat (arteries at veins), nervous system, at sistema ng kaisipan at kalamnan na hindi pa naabot ng medisina ang labis na pagkaunawa sa katotohanan nito sa katawan ng tao? Ganito rin ang koordinasyon ng mga parte ng katawan ng tao sa mga reaksyon ng kanilang galaw at pandama sa gutom, uhaw, kabusugan, pagpapawis, at pangangailangan sa pahinga at pagtulog? Gayundin ang pag-iisip ng utak, katalinuhan, pagbabago at iba't ibang mga nararamdaman ng mga tao tulad ng saya, lungkot, takot at iba pa? Ang tao ay nilikha sa maraming yugto mula nang siya ay nasa sinapupunan

ng kanyang ina sa nakakamanghang mga yugto na binanggit ng Dakilang Tagapaglikha sa Kanyang Maluwalhating Aklat 1400 na taon na ang nakalipas, Kanyang sinabi:

(At katiyakan, nilikha Namin si Adam mula sa luwad (putik) na nagmula sa lahat ng uri ng kalupaan. Pagkatapos ay nilikha Namin ang kanyang lahi mula sa Nutfah: na mula sa semilya ng mga kalalakihan na lumalabas sa kanilang mga sulb (o mga gulugod) at ito ay nananatili sa ligtas na lugar sa mga sinapupunan ng mga kababaihan. Pagkatapos ay ginawa Namin ang Nutfah na Alaqah — na ito ay namuong dugo na kulay pula na malapot, pagkatapos ay ginawa Namin ang Alaqah pagkalipas ng apatnapung araw na maging Mudhghah — namuong laman na ito ay kapirasong laman na kasingdami ng isang subo na parang may mga kagat sa tagiliran, pagkatapos ay ginawa Namin ang malambot na laman na ito na buto, at saka Namin dinamitan ang butong ito ng laman, pagkatapos ginawa Namin ito na isang panibagong nilikha sa pamamagitan ng pag-ihip sa kanya ng kanyang kaluluwa. Samakatuwid, luwalhati sa Allah, na Siya ay Ahsanul Khaliqeen — ang Pinakamagaling at Pinakaganap sa paglikha ng lahat ng bagay.) *Al-Qur'an 23:11-14.*



Alam ba ng modernong agham ang pagbanggit ng tumpak na detalyeng ito sa mga yugto ng paglaki ng tao sa sinapupunan ng kanyang ina 1400 taon na ang nakararaan? Walang pag-aalinlangan na ang nagturo sa tao ng kapaliwanagan na ito sa panahong iyon ay ang Tagapaglikha na Maalam at Matalino na nagpadala sa Kanyang Sugo ng katotohanan upang akayin ang mga tao tungo sa tamang landas, at tinulungan siya upang mapagtibay ang pagiging totoo ng kanyang pagkapropeta.



DISCOVER AL-ISLAM

www.DiscoverAlislam.com

@AlislamDiscover

**I-CLICK ANG ICON**
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika